8-1

Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

Office of the Secretary

JAN 2 9 2009

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 31 , s. 2009

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA FILIPINO (ComArts)

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pangulo/Pinuno ng mga Publiko at Pribado ng Paaralan

1. Ang Panrehiyong Sentro ng Wikang Filipino, Rehiyon XI (PSWF R-XI) na nakabase sa Davao Oriental State College of Science and Technology (DOSCST), Mati, Davao Oriental at University of Southeastern Philippines (USEP)-Davao, at sa pakikipagtulungan ng Komisyon ng Wikang Filipino ay magdaraos ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino (ComArts) sa Pebrero 26-27, 2009 sa University of Southeastern Philippines Campus, Bo. Obrero, Lungsod ng Davao.

2. Layunin ng seminar-worksyap na matugunan ang pangangailangan ng mga guro sa Filipino (ComArts) ng makabagong kaalaman sa pagtuturo at pagsasanay ng kanilang mag-aaral ng iba't ibang pagdulog sa pagtuturo ng talumpati, pagkukuwento, deklamasyon at sabayang-pagbigkas.

3. Ang mga aanyayahang dadalo ay mga punungguro, superbisor, koordineytor at mga guro sa Filipino sa lahat ng antas.

4. Ang butaw ay Tatlong Libong Piso (PhP3,000.00) para sa registrasyon, dalawang kopya ng aklat ng mga tagapanayam, seminar-kit, mga sertipiko, handawt, at pagkain (dalawang tanghalian at apat na isnak).

5. Anumang paglilinaw sa nasabing Gawain ay maaaring tumawag at makipag-ugnayan kina Prof. Raymund Pasion ng Davao Oriental State College of Science and Technology, Mati, Davao Oriental sa cellphone blg.: 0910-3310318 at Prof. Norma Tecson, University of Southeastern Philippines, Bo. Obrero, Lungsod ng Davao sa cellphone blg.: 0917-7476683.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**RAMON C. BACANI**
Pangalawang Kalihim
Pansamantalang Nanunungkulang Kalihim

Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran Blg. 333, s. 2008
Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)
Ilalagay sa <u>palagiang talatuntunan</u>
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO SEMINARS TEACHERS WORKSHOP

Sally: pambansang seminar-worksyap sa filipino
January 22, 2009